

CITY OF LOMITA
 Water Utility
 24300 Narbonne Avenue
 Lomita, California 90717

Inilabas ng:
 Administrative Services Department

TUNTUNIN AT REGULASYON BILANG 11

PAGTIGIL AT PAGPAPANUMBALIK NG SERBISYO AYON SA SB998

Inililista ng Tuntunin at Regulasyon 11 (Rule and Regulation 11) ang mga administratibong aksyon ng Departamento ng Patubig (Water Department) ng Lungsod ng Lomita para sa mga pagkolekta ng mga atrasadong account (hindi nakapagbayad), kabilang ang mga abiso, pagtatalaga ng singil, pagtigil ng serbisyo, pag-apela, at kwalipikasyon sa waiver. Tinutugunan ng seksyong ito ang pagsunod sa SB 998.

Sumusunod ang Tuntunin at Regulasyon na ito sa California Senate Bill No. 998. Isinasaad ng umiiral na batas na matatag na patakaran ng estado na ang bawat tao ay may karapatan sa ligtas, malinis, abot-kaya, at naa-access na patubig na sapat para sa mga layunin ng pagkonsumo, pagluluto, at paglilinis ng tao. Magsasagawa ang Lungsod ng Lomita ng bawat may mabuting hangaring pagsisikap na mabigyan ng nakasulat na abiso ang mga hindi nakapagbayad na customer para maiwasan ang pagtigil ng serbisyo.

Mababasa ang Tuntunin at Regulasyon Blg. 10 at 11 (A at B) sa Website ng Lungsod sa wikang Ingles, Espanyol, Chinese, Korean, Vietnamese, at Tagalog at anumang iba pang wikang sinasalita ng 10% o higit pa ng populasyong pinaglilingkuran ng Lomita Water. Bukod rito, ipo-post sa website ng Lungsod ang taunang ulat ng bilang ng mga itinigil na account dahil sa kawalan ng kakayahang magbayad at iuulat ito sa Lupon ng Mga Mapagkukunan ng Tubig ng Estado (State Water Resources Board). Mababasa ang Mga Tuntunin at Regulasyon sa Patubig sa Lomitawater.com at Lomita.com/cityhall.

A. MGA BILL NA PAST DUE (HINDI NABAYARAN SA TAKDANG PETA)

Ang mga ibinibigay na bill ay ituturing na *past due* kung hindi nabayaran bago ang takdang petsang ipinapakita sa bill.

B. HINDI PAGBABAYAD NG MGA BILL

Mga atrasadong account:

Kung hindi natanggap ang bayad para sa isang bill bago magtapos ang araw ng negosyo sa ikalabinlimang araw ng buwan kasunod ng panahon ng pagsingil (humigit-kumulang na 45 araw), magtatakda ng singil para sa nahuling pagbabayad (late fee). Sa oras na maging atrasado ang isang bill, maglalabas ang Departamento ng Patubig ng red tag na babala na ipinapaalam sa okupante (at may-ari, kung naiiba) ang tungkol sa atrasadong pagbabayad at mga pamamaraan para maiwasan ang posibleng pagtigil ng serbisyo. Dapat na kasama sa abiso ang:

- Pangalan ng customer,
- Address ng customer,
- Halagang atrasado o hindi pa nabayaran,
- Paano mag-apply para sa pagpapahaba ng palugit,
- Paano mag-apela, at
- Paano humiling ng plano ng pagbabayad

Kung walang aksyong ginawa pagkatapos ng sampung (10) araw mula sa red tag na abiso, maglalabas ang Lungsod ng pinal na yellow tag na abiso na ipinapaalam sa okupante ang tungkol sa pagputol ng serbisyo. Kung hindi natanggap ng Lungsod ang pagbabayad nang 5pm sa araw na tinukoy (hindi bababa sa limang (5) araw

CITY OF LOMITA
 Water Utility
 24300 Narbonne Avenue
 Lomita, California 90717

Inilabas ng:
 Administrative Services Department

mula sa yellow tag na abiso) sa nakasulat na dilaw na abiso ng pagputol ng serbisyo, maaaring itigil ng Lungsod ang serbisyo sa address.

Maaaring itigil ng Lungsod ang serbisyo ng patubig para sa hindi pagbabayad kung atrasado ang account ng customer nang 60 araw.

Proseso ng Pag-apela

Maaaring iapela ng isang customer ang kaniyang bill sa tubig ayon sa nakadetalye sa Tuntunin at Regulasyon 10 sa Patubig.

Maaaring makausap ang Departamento ng Patubig ng Lungsod sa pamamagitan ng telepono sa (310) 325-7110 para pag-usapan ang mga opsyon para maiwasan ang pagputol ng serbisyo ng patubig.

Pagbabalik ng Serbisyo

Kung itinigil ang serbisyo, dapat na bayaran ang lahat ng singil at maaaring kailangan ng deposito para maibalik ang credit at/o serbisyo. Magsisingil ng bayad para sa pagbabalik ng koneksyon upang maipanumbalik ang serbisyo alinsunod sa pinagtibay na resolusyon sa singil.

Mga Waiver para sa Mga Residenteng May Mababang Kita

Kung maipapakita ng isang customer na may mga malubhang suliranin siyang kinakaharap, maaaring i-waive o iurong ng Lungsod ang tinukoy na singil para sa nahuling pagbabayad nang hindi hihigit sa isang beses sa susunod na labindalawang buwan.

Hindi ititigil ang serbisyo ng patubig kung

- 1) Inapela ng naninirahang customer ang bill sa tubig at hinihintay pa ang desisyon, o
- 2) Natutugunan ng naninirahang customer ang lahat ng mga sumusunod na malubhang kondisyon:
 - a. Kondisyon sa Kalusugan – nagsumite ang customer o nangungupahan ng sertipikasyon ng provider ng pangunahing pangangalaga na ang pagtigil ng serbisyo ng patubig ay magiging banta sa buhay o maghahatid ng malubhang banta sa kalusugan o kaligtasan ng pasyente.
 - b. Kawalan ng pinansiyal na kakayahan – naipapakita ng customer na wala siyang pinansiyal na kakayahang bayaran ang serbisyo ng patubig sa loob ng karaniwang siklo ng pagsingil ng sistema ng patubig. Ituturing ang customer na ‘walang pinansiyal na kakayahang magbayad’ kung ang sinumang miyembro ng sambahayan ng customer ay (i) kasalukuyang tumatanggap ng isa sa mga benepisyong ito: CalWORKS, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, SSI/State Supplementary Payment Program (Program ng Karagdagarang Kabayaran ng Estado) o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants and Children (Espesyal na Programa ng Karagdagang Nutrisyon para sa Mga Babae, Sanggol at Bata sa California) o (ii) isinasaad ng customer na mas mababa sa 200% ng pederal na antas ng kahirapan ang kita ng sambahayan.
 - c. Mga Alternatibong Kasunduan sa Pagbabayad – sumasang-ayon ang customer na pumasok sa isang alternatibong kasunduan sa pagbabayad na binuo ng Lungsod.

Bukod rito, ang mga singil para sa pagbabalik ng koneksyon para sa mga naninirahang customer na may mababang kita na natutugunan ang mga pamantayan sa 2b sa itaas ay hindi dapat humigit sa \$50 sa karaniwang oras ng trabaho at \$150 sa labas ng karaniwang oras ng trabaho na may mga taunang pagsasaayos para sa CPI simula noong Enero 2021.

Iurong ng Lungsod ang mga singil sa mga atrasadong bill nang hanggang sa isang beses kada taon para sa mga naninirahang customer na may mababang kita na natutugunan ang mga pamantayan sa 2b sa itaas.